

Mga Tagubilin sa Pasyente

Helicobacter Pylori Urea Breath Test

Hiniling ng inyong doktor na sumailalim kayo sa isang H. Pylori Urea Breath Test. Para magkaroon ng makabuluhang resulta ang laboratory test, dapat ninyong sundin ang mga tagubiling ito.

Bago ang Test

Hindi puwedeng sumailalim sa test na ito ang mga pasyenteng may allergy sa citrus. Huwag manigarilyo o kumain ng kahit ano 4 na oras bago ang test. Huwag uminom ng anumang likido isang oras bago ang test.

Mga Oras Bago ang H. pylori Test	Mga Tagubilin sa Pasyente
2 hanggang 4 na oras bago ang test	Huwag Kumain o Manigarilyo. Uminom ng tubig (walang dagdag na flavor) kung kinakailangan. Puwede ang kape o tsaang kung walang dagdag na gatas/soy o asukal/sweetener.
1 oras bago ang test	Huwag Kumain, Manigarilyo o Uminom ng Anumang Likido

Mangyaring pag-usapan ninyo ng inyong doktor ang inyong paggamit ng gamot bago sumailalim sa test na ito. Ang antibiotics at gamot na nakakapagpapababa ng asido ay posibleng makasagabal sa test na ito at hindi dapat uminom ng mga ganito sa loob ng mga yugtong isinasaad sa mga bracket bago ang test na ito.

1. Antibiotics *hal.*, Amoxicillin, Clarithromycin, Metronidazole, Tetracycline (4 na linggo)
2. Mga Tinimplahan ng Bismuth *hal.*, Pepto-Bismol (2 linggo)
3. Mga proton pump inhibitor *hal.*, Nexium, Pariet, Prevacid, Losec, Pantoloc, Pantoprazole (Tecta®) (7 araw)
4. Mga H2 receptor antagonist *hal.*, Zantac, Tagamet, Pepcid (1 araw)
5. Mga antacid *hal.*, Maalox, Diovol, Gaviscon, Tums (1 araw)

Kung gumagamit kayo ng anuman sa mga gamot na ito, inirerekomendang pag-usapan ninyo ito ng inyong doktor bago sumailalim sa test.

Pagdating ninyo sa lab:

Ang test ay magtatagal nang humigit-kumulang 40 minuto bago makumpleto. Kakailanganin ninyong manatili sa lab para sa yugto ng test. Ligtas ang prosesong ito kahit na buntis.



Mga Tagubilin sa Pangongolekta

1. Huwag kumain nang 4 na oras bago ang inyong test:
 - a. Huwag manigarilyo
 - b. Huwag kumain ng kahit ano
 - c. Huwag uminom ng anumang likido isang oras bago ang test

Tandaan: Puwede ang chewing gum at pagsisipilyo sa yugto ng fasting.
2. Magbigay ng sample ng hininga:
 - a. Huminga ng malalim
 - b. Mag-exhale nang 4 hanggang 8 segundo sa straw na nakapasok sa isang collection tube (tubo ng pangongolekta)
 - c. Kapag malapit nang matapos ang pag-exhale, dahan-dahang alisin ang straw mula sa collection tube at patuloy na mag-exhale hanggang sa ganap na mahiwalay ang straw sa tubo.
3. Uminom ng lemon-lime solution
4. Maghintay nang 30 minuto sa Patient Service Centre (Sentro ng Serbisyo para sa Pasyente) (huwag manigarilyo, kumain, o uminom sa panahong ito)
5. Magbigay ng pangalawang sample ng hininga ayon sa Hakbang 2 sa itaas